Isaisip Natin

Kayarian ng mga Salita

May apat (4) na kayarian ang mga salita.

- Payak – mga salitang-ugat lamang, walang panlapi, hindi inuulit, at hindi itinatambal sa ibang salita.

  Halimbawa: bayan burol dagat

- Maylapi – mga salitang binubuo ng salitang-ugat at isa o higit pang mga panlapi. Ang panlapi ay mga pantig na idinurugtong sa mga salitang-ugat.

  Halimbawa: ma + ganda = maganda
  pasyal + an = pasyalan

- Inuulit – mga salitang may pag-uulit ng isang bahagi o ng buong salita.

  Halimbawa: magandang – maganda
  malinis – linis

- Tambalan – mga salitang binubuo ng dalawang salitang pinagsama para makabuo ng isang bagong salita.

  Halimbawa: kapit + bahay = kapitbahay
  bahag + hari = bahaghari